Nobyembre 17, 2020

«Full_Name»
«CF_ADDRESS_1», «CF_ADDRESS_2»
«CF_CITY», «CF_STATE» «CF_ZIP»

ABISO NG PAG-AREGLO

Tungkol Kay: Karen Cruz, isang indibidwal, sa ngalan ng Estado ng California, bilang pribadong abogadong heneral laban sa Island Hospitality Management III LLC, isang Delaware Limited Liability Company, Superior Court of the State of California para sa County ng Santa Clara, Kaso Blg. 19CV353655, Ihinain noong Agosto 19, 2019

Isang pag-areglo ang pinagpasyahan at inaprubahan ng Korte sa kasong nabanggit sa itaas. Natukoy ka bilang isa sa Mga Naagrabyadong Empleyado na may karapatang tumanggap ng kabayaran mula sa pag-areglong iyon dahil nagtrabaho ka sa Island Hospitality Management LLC, Island Hospitality Management II LLC, Island Hospitality Management III LLC, at Island Hospitality Management IV LLC {"Mga Nahahabla") sa California sa panahon sa pagitan ng Hunyo 13, 2018 at Oktubre 6, 2020 ("Mga Naagrabyadong Empleyado").

Sa kaso, sinasabi ng naghablang si Karen Cruz ("Naghabla"), sa ngalan niya at ng lahat ng Mga Naagrabyadong Empleyado, na hindi napasahod ang Mga Nahahabla sa tamang oras ayon sa inaatas ng batas ng California. Itinatanggi ng Mga Nahahabla ang mga alegasyon ng Naghabla at pinapanindigan na sumunod sila sa lahat ng naaangkop na batas na binabanggit sa paglilitis.

Noong Agosto 7, 2020, naglabas ang Santa Clara County Superior Court ng isang Kautusan na nag-aapruba sa pag-areglo ng mga paghahabol para sa mga parusang sibil na idinulog alinsunod sa Private Attorneys General Act of 2004 ("PAGA") na nagkakahalagang $300,000. Pagkaraang tuusin ang mga nauugnay na bayarin at halaga at bahagi ng kabayaran na hinihingi ng PAGA na ibayad sa California Labor and Workforce Development Agency, ang ibabayad sa Mga Naagrabyadong Empleyado ay $44,210.00 sa batayang pro-rata ayon sa bilang ng panahon ng pagpapasuweldo (pay period) na nagtrabaho ang bawat Naagrabyadong Empleyado habang nasa sakop na panahon.

Sa pamamagitan ng Pag-areglong ito, ang Mga Nahahabla at Mga Inabsuweltong Partido[1] ay inabsuwelto sa anuman at lahat ng paghahabol na iginiit o maaaring iginiit para sa mga parusa ng PAGA batay sa mga paglabag sa mga sumusunod na probisyon ng Kodigo ng Paggawa: 201, 202, 203, 204, 210, 212, at 213 gayundin ang IWC Wage Order No. 5-2001 batay sa mga katotohanang ihinain o maaaring ihinain sa Abiso ng PAGA noong Hunyo 13, 2019 sa California Labor and Workforce Development Agency {"LWDA"), sa Inamyendahang Abiso ng PAGA sa LWDA noong Disyembre 11, 2019, sa operatibang Reklamo sa kasong binanggit sa itaas, at/o binanggit kaugnay ng Pamamagitan sa Mga Partido.

Ikaw ay nakatatanggap ng bahagi ng Pag-areglo dahil isa ka sa Mga Naagrabyadong Empleyado na kasama sa kaso. Ang tseke mong kalakip dito, na nagkakahalagang{{BENEFIT_AMOUNT}}, ay may bisa sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pag-isyu nito. Mangyaring ideposito ito bago mapaso dahil, pagkatapos ng petsang iyon, mawawalan na ito ng bisa. Ang mga hindi nakuhang pondo ay ibibigay sa State Controller's Office, Unclaimed Property Division.

Mga Tanong Tungkol sa Pag-areglo:	**Mga Tanong Tungkol sa Iyong Tseke o Impormasyon ng Address:**
Kinatawan ng Nahahabla SEYFARTH SHAW LLP Brian T. Ashe (SBN 139999) bashe@seyfarth.com Kerry Friedrichs (SBN 198143) kfriedrichs@seyfarth.com Parnian Vafaeenia (SBN 316736) pvafaeenia@seyfarth.com 560 Mission Street, 31st Floor San Francisco, California 94105 Telepono: (415) 397-2823 Facsimile: (415) 397-8549	Cruz v. Island Hospitality Settlement Administrator c/o JND Class Action Administration PO Box 91350 Seattle, WA 98111 Walang Bayad na Numero ng Telepono: (844) 975-1785

[1]Ang Mga Inabsuweltong Partido ay tinutukoy ng Pag-areglo bilang ang: Island Hospitality Management LLC, Island Hospitality Management Inc., Island Hospitality Management II LLC, Island Hospitality Management II Inc., Island Hospitality Management III LLC, Island Hospitality Management III Inc., Island Hospitality Management IV LLC, Island Hospitality Management IV Inc., Island Hospitality Management V LLC, Island Hospitality Management V Inc., Island Hospitality Florida Management LLC, Island Hospitality Joint Venture LLC, Island JV Member Inc., Platform Hospitality Investor T-II, LLC, Chatham Lodging Trust, Colony Capital, Inc., LVP CY Paso Robles Holding Corporation, at alinmang magulang, subsidiyaryo, kaanib, pasimumo o tagapagmana, at lahat ng ahente, empleyado, opisyal, direktor at abogado alinsunod dito.